



PAHAYAG SA MEDIA

PARA SA AGARANG PAGPAPAHAYAG: Marso 15, 2023

MAKIPAG-UGNAYAN SA: [Tanggapan para sa Komunikasyon ng Distrito ng Hangin –
communications@baaqmd.gov](mailto:communications@baaqmd.gov)

Distrito ng Hangin, pinapaigting ang mga tuntunin sa mga appliance sa mga gusali para mabawasan ang mga mapaminsalang emisyon ng NOx at maprotektahan ang kalidad ng hangin at kalusugan ng publiko

Mga bagong pagbabago ng tuntunin, ipe-phase out ang mga furnace at water heater na gumagamit ng natural gas at nag-e-emit ng NOx

SAN FRANCISCO – Sa araw na ito, ang Lupon ng Mga Direktor ng Distrito ng Pamamahala sa Kalidad ng Hangin ng Bay Area ay may mga pinagtibay na pagbabago sa Regulasyon 9, Tuntunin 4 at 6 para maalis ang mga emisyon ng mga nitrogen oxide, o NOx, mula sa mga residensyal at komersyal na furnace at water heater na gumagamit ng natural gas sa Bay Area sa pamamagitan ng pag-aatas na maging zero-emission ang mga bagong appliance.

Ang mga emisyon mula sa mga appliance sa mga gusali na gumagamit ng natural gas ay naglalabas ng NOx na tulad sa mga pampasaherong sasakyan sa Bay Area. Bilang grupo, ang mga ito ay isa sa mga pinakamalakas mag-emit ng mga nitrogen oxide sa lahat ng stationary source ng polusyon sa hangin, na pinapangasiwaan ng Distrito ng Hangin.

“Ang 1.8 milyong water heater at furnace sa Bay Area ay lubos na nakakaapekto sa kalidad ng ating hangin, na nagreresulta sa dose-dosenang maagang pagkamatay at iba't ibang epekto sa kalusugan, lalo na sa mga community of color,” sabi ni Dr. Philip Fine, ang tagapagpaganap na opisyal ng Distrito ng Hangin. “Ipe-phase out ng makabagong regulasyon na ito ang mga appliance na nagdudulot ng pinakamatinding polusyon sa mga bahay at negosyo para maprotektahan ang mga residente ng Bay Area mula sa mapaminsalang polusyon sa hangin na hatid ng mga ito.”

Sa mga bagong appliance lang naaangkop ang mga pagbabago ng tuntunin, at hindi nito iaatas na agarang palitan ang mga dati nang appliance, at hindi rin ito naaangkop sa mga appliance para sa pagluluto, gaya ng kalan na gumagamit ng gas. Unti-unting ipe-phase out ang mga furnace at water heater na gumagamit ng natural gas at nag-e-emit ng NOx, simula sa mga water heater sa 2027.

Sa tulong ng mga pagbabago ng tuntunin, gaganda ang pangkalahatang kalidad ng hangin sa rehiyon mula sa outdoor na venting ng mga appliance na ito, mababawasan ang pagkakalantad sa particulate matter lalo na sa mga community of color, at maiiwasan ang hanggang \$890 milyon kada taon na epekto sa kalusugan na dulot ng pagkakalantad sa polusyon sa hangin.

Ang mga emisyon ng NOx ay nakakaapekto sa kalidad ng hangin sa lokal at rehiyon at nagreresulta sa pagkakaroon ng ozone at particulate matter, o PM2.5. Ang pagkakalantad sa NOx ay naiugnay

na sa pag-ubo, paghinga nang may tunog, problema sa paghinga, hika, at mas malaking posibilidad na magkaroon ng mga impeksyon sa baga. Naiugnay na ang pagkakalantad sa particulate matter sa hika at iba pang kundisyon sa baga, sakit sa mga nerve, atake sa puso, stroke, cancer sa baga, at maagang pagkamatay. Poprotektahan ng mga bagong pagbabago ang kalusugan ng publiko mula sa mga panganib na hatid ng mga nasabing pollutant, at tinatayang 85 maagang pagkamatay, at dose-dosenang bagong kaso ng hika ang mapipigilan ng mga ito sa Bay Area kada taon.

May inilabas ang Distrito ng Hangin na draft na ulat ng epekto sa kapaligiran, at humingi ito ng mga komento sa mga ipinapanukalang pagbabago ng tuntunin sa pamamagitan ng 45 araw na panahon ng pampublikong komento na natapos noong Pebrero 6, 2023.

Ang mga petsa ng pagsunod ay mula 2027 hanggang 2031, na nakadepende sa uri, paggamit, at laki ng equipment. Para malaman pa ang tungkol sa mga panuntunan sa mga appliance sa mga gusali at timeline ng pagsunod, bumisita sa www.baaqmd.gov/building-appliances.

Ang Distrito ng Pamamahala sa Kalidad ng Hangin ng Bay Area ay ang panrehiyong ahensya na responsable sa pangangalaga ng kalidad ng hangin at pandaigdig na klima sa siyam na county ng Bay Area. Makipag-ugnayan sa Distrito ng Hangin sa pamamagitan ng [Facebook](#), [Twitter](#), [Instagram](#), at [YouTube](#).

#

Air District Communications Office
375 Beale Street, Suite 600, San Francisco, CA 94105
[Homepage ng Distrito ng Hangin](#) | [Mga Pahayag sa Media](#)